



California's protection & advocacy system  
Toll-Free (800) 776-5746

# Pagtanggap ng Communication Supports (mga Suportang Pangkomunikasyon) sa pamamagitan ng Paaralan ng Iyong Anak

---

*Oktubre 2019, Pub. #7150.08 - Tagalog*

## **1. Anu-ano ang communication supports?**

Ang “communication supports” ay mga aparato o serbisyo na makatutulong sa isang taong may kapansanan para makipag-ugnayan. Ang communication supports ay paminsan-minsang tinatawag na Augmentative and Alternative Communication (AAC) (Komunikasyong Pangkaragdagan at Mapagpipilian), o Special Adaptive Equipment (Especyal na Kagamitang Pagbabagay). Sa sistema ng special education (espesyal na edukasyon), kadalasan itong tinatawag na Assistive Technology (AT) (Teknolohiyang Pantulong). Narito ang ilang halimbawa ng communication supports:

- Mga JAW (Job Access with Speech) (Pagkuha ng Trabaho sa pamamagitan ng Pagsasalita) at iba pang uri ng pambasa ng screen;
- Dynavox at iba pang Speech Generating Devices (SGDs) (mga Aparatong Nakapaglilikha ng Salita);
- Ang PECs (Picture Exchange Communication System) (Sistema ng Komunikasyon ng Palitan ng Larawan) at iba pang anyo ng sistemang pangkomunikasyong batay sa larawan;
- Mga pisara ng titik o pisara ng alpabeto;

- Mga dokumento sa braille o malaking letra;
- Mga serbisyo tulad ng mga interpreter ng sign language o mga kasosyong pangkomunikasyon;

## **2. May karapatan ba akong makatanggap ng communication supports para sa aking anak sa pamamagitan ng kanyang paaralan?**

Oo. Kung pumapasok ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan, ang communication supports ay maaaring isama sa mga serbisyo na ibinibigay ng paaralan sa ilalim ng Individualized Education Program (IEP) (Isinaindibidwal na Programa ng Edukasyon) o plan ng mga kaluwagan (504 Plan) ng bata. Bilang halimbawa, kung hindi nakapagsalita ang iyong anak, maaaring gusto mong hilingan ang distrito ng paaralan na gumawa ng pagsusuri. Depende sa resulta, maaaring magpasiya ang koponan ng IEP na kinakailangan ng iyong anak ng assistive technology tulad ng naka-computer na aparatong pangkomunikasyon. Responsable rin ang paaralan sa pagbibigay ng pagsasanay para mabisang magamit ito ng iyong anak. Kung pumapasok ang iyong anak sa pribadong paaralan, dapat magbigay ang paaralan ng communication supports bilang mga makatwirang kaluwagan, maliban lang kung makatwirang mahal ang mga ito na isinasaalang-alang ang kabuuang budget ng paaralan.

## **3. Ano ang maaari kong gawin kung hindi ibibigay sa akin ng paaralan ng aking anak ang communication supports na kinakailangan ng aking anak?**

Kung pumapasok ang iyong anak sa pampublikong paaralan, maaari kang humiling ng pulong ng IEP para pag-usapan ang tungkol sa isyu at subukang maresolba ito nang hindi pormal. Kung bahagi na ng IEP ng iyong anak ang assistive technology at hindi ito ibinibigay ng paaralan, maaari kang maghain ng reklamo sa pagtalima. Kung wala pa sa IEP ang assistive technology ngunit gusto mo itong maisama at hindi sumasang-ayon ang paaralan, maaari kang maghain para sa pagdinig ng due process.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagtanggap ng communication supports mula sa isang pampublikong paaralan, tingnan ang fact sheet ng Disability Rights California (Mga karapatan ng Kapansanan ng California) (, *Obtaining Assistive Technology Through Your Child's School (Pagkuha ng Teknolohiyang Pantulong Sa Pamamagitan ng Paaralan ng Iyong Anak)*), makukuha sa <https://www.disabilityrightsca.org/publications/obtaining-assistive-technology-through-your-childs-school>

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa karapatan ng iyong anak sa mabisang komunikasyon sa pampubliko o pribadong paaralan, tingnan ang, Disability Rights California, *Disability Discrimination in Public and Private Schools (Diskriminasyon sa Kapansanan sa Pampubliko at Pribadong Paaralan)*, makukuha sa <https://www.disabilityrightsca.org/publications/disability-discrimination-in-public-and-private-schools>

*Hinanda ng Disability Rights California ang fact sheet na ito bilang bahagi ng proyekto ng Communication Disabilities Access Network (Network sa Paggamit ng mga Komunikasyong Pangkapansanan) . Ang proyekto ay inilaan para maglinang, magsanay at magpatakbo ng network ng mga namumuno para magtaguyod sa communication supports. Ito'y pinopondohan ng isang kaloob mula sa Ability Central (Sentral ng Abilidad), dating kilala bilang Disability Communications Fund (Pondong Pangkomunikasyong Pangkapansanan). Sinusuportahan ng Ability Central ang mga programa at teknolohiya na nabebenepisyuhan ang komunikasyon at mga pangangailangan sa paggamit ng mga taga-California na may mga kapansanan. Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang <http://dcfund.us/>*